Bay Area Air District

PAGPUPULONG
ng Lupon ng Mga Direktor
Oktubre 7, 2026

(MGA) LOKASYON NG PAAPUPULONG PARA SA PERSONAL NA PAGDALO NG MGA MIYEMBRO NG LUPON AT MGA MIYEMBRO NG PUBLIKO

Bay Area Metro Center
1st Floor Board Room
375 Beale Street
San Francisco, CA 94105

Santa Rosa Junior College Campus
Doyle Library, Room 148
1501 Mendocino Ave.
Santa Rosa, CA, 95401

Office of Supervisor Otto Lee
10th Floor
70 W Hedding St
San Jose, CA 95110

Napa County Administration Building
1195 Third Street, Suite 310
County Executive's Office
Napa, CA 94559

City of San Bruno
567 El Camino Real, Room 138
San Bruno, CA 94066

Office of Contra Costa County Supervisor
John Gioia
Conference Room
11780 San Pablo Ave., Suite D
El Cerrito, CA 94530

Office of Alameda County Supervisor
David Haubert
Scott Haggerty House
4501 Pleasanton Avenue
Pleasanton, CA 94566

San Mateo County
Board of Supervisor's Office
5th Floor
500 County Center
Redwood City, CA 94063

Mountain View City Hall
City Council Conference Room
Third Floor
500 Castro Street
Mountain View, CA 94040

IBIBIGAY RIN ANG MGA SUMUSUNOD NA OPSYON SA STREAMING

Ang mga opsyon sa streaming na ito ay inilaan para sa kaginhawahan ng publiko. Kung sakaling magkaroon ng aberya sa mga koneksyon sa streaming sa anumang dahilan, ang Lupon ng Mga Direktor ay maaaring isagawa ang pagpupulong nang walang remote webcast at/o access sa Zoom batay sa Patakaran sa Pagkagambala sa Teknolohiya ng Broadcast ng Distrito ng Hangin.

Maaaring mapanood ng publiko ang pagpupulong na ito sa webcast sa pamamagitan ng pag-click sa link na makukuha sa webpage ng agenda ng Distrito ng Hangin sa https://www.baaqmd.gov/bodagendas

Maaaring lumahok ang publiko nang malayuan sa pamamagitan ng Zoom sa https://bayareametro.zoom.us/j/81698018310 o maaari silang sumali sa Zoom sa pamamagitan ng telepono sa pag-dial sa (669) 900-6833 o sa (408) 638-0968. Ang Webinar ID para sa pagpupulong na ito ay: 816 9801 8310

PAMPUBLIKONG KOMENTO SA MGA ITEM SA AGENDA

Maaaring magbigay ng komento ang publiko sa bawat item sa agenda habang tinatalakay ito. Ang mga miyembro ng publiko na nagnanais magsalita sa isang bagay na nasa agenda ay magkakaroon ng tigda-dalawang minuto upang kausapin ang Lupon tungkol sa item na iyon sa agenda, maliban kung may ibang limitasyon sa oras na itinakda ang Tagapangulo. Walang tagapagsalita na nakapagsalita na tungkol sa isang item ang may karapatang magsalita muli tungkol sa item na iyon.

Bukas ang Lupon sa mga komento, kasama ang pagpuna, tungkol sa mga patakaran, pamamaraan, mga programa, o mga serbisyo ng Distrito ng Hangin, o sa mga pagkilos o mga pagkukulang ng Lupon. Ang mga tagapagsalita ay hindi dapat gumamit ng nagbabanta, bastos, o mapang-abusong salita na inaantala, ginagambala, o kaya pinipigilan ang kaayusan ng pulong ng Lupon. Ang Distrito ng Hangin ay nakatuon sa pagpapanatili ng lugar ng trabaho nang walang labag sa batas na panliligalig at tinitiyak na regular na dumadalo ang mga kawani ng Distrito ng Hangin sa mga pulong ng Lupon. Ang mga nandidiskriminang pahayag o pag-uugali na posibleng labagin ang Batas ng Patas na Trabaho at Pabahay - iyon ay, mga pahayag o pag-uugali na agresibo, nagbabanta, mapang-api, o mapang-abuso - ay mismong nakakaabala sa pagpupulong at hindi papayagan.

LUPON NG MGA DIREKTOR
AGENDA NG PAGPUPULONG

MIYERKULES, OKTUBRE 7, 2026
10:00 AM

Tagapangulo, Lynda Hopkins

1. **Anunsyo sa Pagsisimula - Roll Call**

   Iaanunsyo ng Tagapangulo ng Lupon ang simula ng pagpupulong at babashin ng Kalihim ng Mga Lupon ang listahan ng mga miyembro ng Lupon.

2. **Pangako ng Katapatan**

PAGBUBUKAS SA (MGA) ITEM

3. Pampublikong Komento na Mga Usaping Wala sa Agenda

   Alinsunod sa Seksyon 54954.3 ng Kodigo ng Gobyerno, ang mga miyembro ng publiko na gustong magsalita tungkol sa mga bagay na wala sa agenda ay bibigyan ng pagkakataong magsalita sa Lupon ng Mga Direktor. Ang mga miyembro ng publiko ay magkakaroon ng dalawang minuto bawat isa upang kausapin ang Lupon, maliban kung may ibang limitasyon sa oras na itinakda ng Tagapangulo. Kung ang pampublikong komento ay tumagal nang higit sa 30 minuto, maaaring ipagpatuloy ang item na ito sa susunod na bahagi ng pulong. Ang sinumang tao na hindi pa nagkaroon ng pagkakataong magsalita tungkol sa mga bagay na wala sa agenda ay maaaring magbigay ng kanilang komento sa oras na iyon.

   Bukas ang Lupon sa mga komento, kasama ang pagpuna, tungkol sa mga patakaran, pamamaraan, mga programa, o mga serbisyo ng Distrito ng Hangin, o sa mga pagkilos o mga pagkukulang ng Lupon. Ang mga tagapagsalita ay hindi dapat gumamit ng nagbabanta, bastos, o mapang-abusong salita na inaantala, ginagambala, o kaya pinipigilan ang kaayusan ng pulong ng Lupon. Ang Distrito ng Hangin ay nakatuon sa pagpapanatili ng lugar ng trabaho nang walang labag sa batas na panliligalig at tinitiyak na regular na dumadalo ang mga kawani ng Distrito ng Hangin sa mga pulong ng Lupon. Ang mga nandidiskriminang pahayag o pag-uugali na posibleng labagin ang Batas ng Patas na Trabaho at Pabahay - iyon ay, mga pahayag o pag-uugali na agresibo, nagbabanta, mapang-api, o mapang-abuso - ay mismong nakakaabala sa pagpupulong at hindi papayagan.

4. **Mga Espesyal na Order ng Araw**

KALENDARYO NG PAHINTULOT (Item 5 - 19)

Ang Kalendaryo ng Pahintulot ay binubuo ng mga karaniwang item na maaaring aprubahan nang sama-sama bilang isang grupo sa pamamagitan ng isang aksyon ng Lupon. Maaaring

humiling ang sinumang miyembro ng Lupon o miyembro ng publiko na alisin ang item at isaalang-alang ito nang hiwalay.

5. Pag-apruba sa Mga Detalye ng Draft ng Pulong ng Lupon ng mga Direktor noong Setyembre 2, 2026

   Isasaalang-alang ng Lupon ng mga Direktor ang pag-apruba sa Mga Detalye ng Draft *ng Pulong ng Lupon ng mga Direktor noong Setyembre 2, 2026.*

6. Mga Paunawa ng mga Paglabag na Inisyu at mga Kasunduan na Lampas sa $10,000 sa Buwan ng Agosto 2026

   Alinsunod sa Resolusyon ng Lupon Blg. 2012-08, ang mga tauhan ay magbibigay sa Lupon ng mga Direktor ng isang listahan ng lahat ng mga Paunawa ng Paglabag na inisyu, at lahat ng kasunduan para sa mga halagang lampas sa $10,000, sa buwan ng Agosto 2026.

7. Ulat sa Pangnegosyong Pagbiyahe sa Labas ng Estado para sa Agosto 2026

   Alinsunod sa Seksyon 1.1.3 ng Patakaran sa Pagbiyahe at Gastos sa Negosyo ng Empleyado ng Distrito ng Hangin, ang Lupon ng mga Direktor ay aabisuhan tungkol sa mga tauhan ng Distrito ng Hangin na nagbiyahe para sa negosyo sa labas ng estado.

8. Awtorisasyon na Tanggapin ang mga Pondo ng Clean Cars for All Program mula sa Lupon sa mga Resource sa Hangin ng California

   Isasaalang-alang ng Lupon ng mga Direktor ang pagpapatibay ng isang resolusyon na nag-aawtorisa sa Distrito ng Hangin na tanggapin, obligahin, at gastusin ang hanggang $6 na milyon sa pagpopondo ng Programang Clean Cars for All mula sa Lupon sa mga Resource sa Hangin ng California.

9. Awtorisasyon na Tanggapin ang mga Pondo ng Programang Carl Moyer at Programa ng Mga Insetibo sa Proteksyon sa Hangin ng Komunidad mula sa Lupon sa mga Resource sa Hangin ng California

   Isasaalang-alang ng Lupon ng mga Direktor ang pagpapatibay ng mga resolusyon upang tanggapin, obligahin, at gastusin ang hanggang $27 milyon sa mga pondo ng Programang Carl Moyer at hanggang $50 milyon sa mga pondo ng Programa ng Mga Insetibo sa Proteksyon sa Hangin ng Komunidad mula sa Lupon sa mga Resource sa Hangin ng California para sa Taon ng Pananalapi 2026-2027 at upang lumahok sa mga programang Carl Moyer at Mga Insetibo sa Proteksyon sa Hangin ng Komunidad.

10. Awtorisasyon na Tanggapin ang mga Kita ng Program ng Gawad mula sa Ahensiya ng Proteksiyon ng Kapaligiran ng United States para sa mga Aktibidad sa Fine Particulate Matter ng Seksyon 103 ng Clean Air Act

Isasaalang-alang ng Lupon ng mga Direktor ang pag-aawtorisa sa Tagapagpaganap na Opisyal/APCO na tanggapin, obligahin, at gastusin ang hanggang $420,278 mula sa Ahensiya ng Proteksiyon ng Kapaligiran ng U.S. para sa mga aktibidad na may kaugnayan sa Seksyon 103 ng Clean Air Act.

11. Awtorisasyon na Tanggapin ang mga Kita ng Programa ng Gawad mula sa Ahensya para sa Proteksyon ng Kapaligiran ng United States para sa mga Aktibidad sa Seksyon 105 ng Clean Air Act

Isasaalang-alang ng Lupon ng mga Direktor ang pag-aawtorisa sa Tagapagpaganap na Opisyal/APCO na tanggapin, obligahin, at gastusin ang hanggang $2,350,000 sa mga pondo ng gawad ng Seksyon 105 ng Clean Air Act mula sa Ahensiya ng Proteksiyon ng Kapaligiran ng United States upang suportahan ang iba't ibang programa ng pangangasiwa ng Distrito ng Hangin. Isasaalang-alang din ng Lupon ng mga Direktor ang pag-aawtorisa sa Tagapagpaganap na Opisyal/APCO na (i) magpatupad ng memorandum of understanding kasama ang Asosasyon ng Opisyal ng Pagkontrol sa Pagpaparumi sa Hangin ng California upang ipasa ang humigit-kumulang $615,000 ng mga pondong ito ng gawad sa Asosasyon ng Opisyal ng Pagkontrol sa Pagpaparumi sa Hangin ng California para sa Region 9 Pilot Program ng Asosasyon ng Opisyal ng Pagkontrol sa Pagpaparumi sa Hangin ng California; at (ii) ipasa ang humigit-kumulang karagdagang $125,000 ng mga pondo ng gawad sa Asosasyon ng Opisyal ng Pagkontrol sa Pagpaparumi sa Hangin ng California upang suportahan ang administrasyon ng Asosasyon ng Opisyal ng Pagkontrol sa Pagpaparumi sa Hangin ng California sa Pilot Program sa ilalim ng isang umiiral na 2021 memorandum of understanding kasama ang Asosasyon ng Opisyal ng Pagkontrol sa Pagpaparumi sa Hangin ng California.

12. Awtorisasyon na Amyendahan ang mga Umiiral na Kontrata para sa mga Serbisyo sa Arkitektura at Inhinyeriya kasama ang Brereton Architects at Interactive Resources

Isasaalang-alang ng Lupon ng mga Direktor ang pag-aawtorisa sa Tagapagpaganap na Opisyal/APCO na amyendahan ang mga umiiral na kontrata para sa mga serbisyo sa Arkitektura at Inhinyeriya kasama ang Brereton Architects at Interactive Resources upang 1) itaas ang halagang hindi dapat lampasan ng bawat kontrata mula $200,000 hanggang $950,000 hanggang Hunyo 30, 2030; at 2) ilipat ang hanggang $750,000 sa mga paglalaan ng badyet sa pagitan ng mga kategorya ng badyet para sa kapital at mga propesyonal na serbisyo, kung kinakailangan, upang magbayad para sa mga kinontratang serbisyo. Ang nadagdagang awtoridad ay magbibigay ng kakayahang umangkop upang magkaloob ng gawaing partikular sa proyekto sa alinman sa dalawang kumpanya. Kung maaprubahan, lilimitahan ng Tagapagpaganap na Opisyal/APCO ang pinagsamang mga gastos sa ilalim ng parehong kontrata sa $950,000.

13. Awtorisasyon na Magpatupad ng Kontrata sa Sponsorship kasama ang American Lung Association

Isasaalang-alang ng Lupon ng mga Direktor ang pagbibigay ng awtoridad sa Tagapagpaganap na Opisyal/APCO na magsagawa ng sponsorship sa American Lung Association sa halagang hindi lalampas sa $60,000 upang isulong ang mga programa ng Distrito ng Hangin, bigyang-diin ang mga benepisyo ng malinis na pag-init at mga opsyon sa teknolohiyang zero emission, at magbigay ng mga mapagkukunan mula sa mga propesyonal sa kalusugan at medikal na eksperto para sa mga kahilingan ng media sa panahon ng wildfire.

14. Awtorisasyon na Bumili ng Kagamitan mula sa Maramihang Vendor upang Suportahan ang mga Programang Pagsubaybay sa Nakapaligid na Hangin

Isasaalang-alang ng Lupon ng mga Direktor ang pagbibigay ng awtoridad sa Tagapagpaganap na Opisyal/APCO na bumili ng mga sumusunod na item sa kabuuang halaga na $1,457,801.87 upang suportahan ang pagsubaybay sa hangin:

- *Labing-anim (16) na Federal Equivalent Method continuous particulate matter monitor at mga accessory mula sa Met One Instruments, Inc.;*
- *Isang (1) analyzer ng itim na karbon at mga accessory mula sa Magee Scientific at binili sa pamamagitan ng Sonoma Technology, Incorporated;*
- *Labintatlong (13) gas calibrator mula sa Thermo Environmental Instruments, LLC;*
- *Sampung (10) Federal Equivalent Method nitrogen dioxide analyzer mula sa Thermo Environmental Instruments, LLC;*
- *Dalawang (2) Federal Equivalent Method ozone analyzer mula sa Thermo Environmental Instruments, LLC;*
- *Dalawang (2) primary standard ozone calibrator mula sa Thermo Environmental Instruments, LLC;*

- *Dalawang (2) Federal Equivalent Method sulfur dioxide analyzer mula sa Thermo Environmental Instruments, LLC*
- *Dalawang (2) Federal Reference Method sequential filter-based particulate matter sampler mula sa Thermo Environmental Instruments, LLC;*
- *Isang (1) ultrafine particle counter mula sa TSI, Inc.;*
- *Labing-isang (11) zero air generator mula sa Teledyne Instruments;*
- *Isang (1) upgrade kit para sa isang Federal Equivalent Method continuous particulate matter monitor mula sa Teledyne Instruments; at*
- *Labinlimang (15) flow calibrator mula sa Met One Instruments, LLC.*

15. Awtorisasyon na Dumalo sa United Nations Framework Convention on Climate Change Conference of the Parties 31 at mga Kaugnay na Kaganapan

Isasaalang-alang ng Lupon ng mga Direktor na 1) bigyan ng awtoridad sina Chair Lynda Hopkins at Vice Chair Vicki Veenker na maglakbay patungong Antalya, Turkey, upang dumalo sa United Nations Framework Convention on Climate Change Conference of Parties 31 at mga kaugnay na kaganapan at tumanggap ng kompensasyon at reimbursement alinsunod sa Patakaran sa Kompensasyon sa Pagpupulong at Reimbursement ng Gastos ng Distrito ng Hangin, at 2) bigyan ng awtoridad ang reimbursement ng mga gastos sa tuluyan para sa Chief of Staff ni Chair Hopkins upang samahan ang delegasyon ng Distrito ng Hangin upang magbigay ng suporta sa logistika, komunikasyon, ugnayang pang-media, at patakaran (kung saan ang pamasahe sa eroplano at iba pang gastos ay babayaran ng mga pondo na hindi mula sa Distrito ng Hangin).

16. Ulat ng Pulong ng Komite ng Nakapirming Pinagkukunan ng Setyembre 9, 2026

Ang Lupon ng Mga Direktor ay makakatanggap ng ulat ng Pulong ng Komite ng Nakapirming Pinagkukunan ng Setyembre 9, 2026.

Para sa kumpletong pakete ng agenda at mga materyales ng Komite, i-click ang link sa ibaba:
www.baaqmd.gov/bodagendas

17. Ulat sa Pulong ng Komite tungkol sa Pagkakapantay-pantay, Kalusugan, at Katarungan sa Komunidad noong Setyembre 9, 2026

Tatanggap ang Lupon ng mga Direktor ng ulat sa Pulong ng Komite tungkol sa Pagkakapantay-pantay, Kalusugan, at Katarungan sa Komunidad noong Setyembre 9, 2026.

Para sa kumpletong pakete ng agenda at mga materyales ng Komite, i-click ang link sa ibaba:
www.baaqmd.gov/bodagendas

18. Ulat sa Pulong ng Komite tungkol sa Patakaran, mga Gawad, at Teknolohiya noong Setyembre 16, 2026

Tatanggap ang Lupon ng mga Direktor ng ulat sa Pulong ng Komite tungkol sa Patakaran, mga Gawad, at Teknolohiya noong Setyembre 16, 2026.

Para sa kumpletong pakete ng agenda at mga materyales ng Komite, i-click ang link sa ibaba:
www.baaqmd.gov/bodagendas

19. Ulat sa Pulong ng Konseho sa Pagpapayo ng Komunidad noong Setyembre 17, 2026

Tatanggap ang Lupon ng mga Direktor ng ulat sa pagpupulong ng Konseho sa Pagpapayo ng Komunidad noong Setyembre 17, 2026.

Para sa kumpletong pakete at mga materyales ng agenda ng Konseho, i-click ang link sa ibaba:
www.baaqmd.gov/en/about-the-air-district/community-advisory-council/agendasreports

(MGA) ITEM NG AKSYON

Ang mga action item ay mga item kung saan hinihiling o inirerekomenda ang isang pormal na aksyon ng Lupon ng mga Direktor. Maaaring gawin ng Lupon ang hiniling o inirerekomendang aksyon, maaaring gumawa ng ibang aksyon sa loob ng saklaw ng item na nasa agenda, o maaaring hindi gumawa ng anumang aksyon.

20. Mga Paghirang ng Miyembro ng Lupon ng Pagdinig

    Ang Lupon ng mga Direktor ay magsasagawa ng panayam at isasaalang-alang ang pagtatalaga ng isang miyembro ng Lupon ng Pagdinig para sa alternatibong puwesto ng Propesyonal na Medikal, at isasaalang-alang ang muling pagtatalaga ng mga miyembro para sa mga pangunahin at alternatibong puwesto ng Propesyonal na Inhinyero at Publiko. Ang item na ito ay ipepresenta ni Hyacinth Hinojosa, ang Deputy na Tagapagpaganap na Opisyal ng Pananalapi at Pangangasiwa.

21. Mga Rekomendasyon upang Palakasin ang Pakikipagtulungan sa pagitan ng Community Advisory Council at ng Lupon ng mga Direktor

    Isasaalang-alang ng Lupon ng mga Direktor ang mga rekomendasyon ng Community Advisory Council upang palakasin ang pakikipagtulungan at komunikasyon sa pagitan ng Lupon ng mga Direktor at ng Community Advisory Council kasama ang panukala ng mga kawani para sa pagpapatupad ng mga rekomendasyong iyon. Sa pulong ng Komite sa Community Equity, Health, and Justice noong Abril 8, 2026, iprinisinta ng mga Co-Chair ng Community Advisory Council na sina Latasha Washington at William Goodwin ang Mga Rekomendasyon upang Palakasin ang Pakikipagtulungan sa pagitan ng Lupon ng mga Direktor at ng Community Advisory Council. Sa pagpupulong na iyon, nagbigay ang mga kawani ng mga tugon sa bawat rekomendasyon. Isasaalang-alang ng Lupon ang bawat isa sa mga rekomendasyon at ang mga iminungkahing tugon ng mga kawani at magbibigay ng direksyon sa mga kawani tungkol sa pagpapatupad ng mga rekomendasyon. Ang item na ito ay ipepresenta ni Anyania Muse, Opisyal ng Konseho sa Pagpapayo ng Komunidad.

22. Programang People's Air Grant: Mga Rekomendasyon sa Paggawad

    Isasaalang-alang ng Lupon ng mga Direktor ang paggawad ng $3,000,000 sa mga pondo ng People's Air Grant (mga pondong hindi multa na orihinal na nagmula sa Community Benefit Designated Reserves) para sa mga inirerekomendang proyekto sa mga apektadong komunidad upang bawasan ang pagkakalantad sa polusyon sa hangin at tugunan ang mga epekto sa pampublikong kalusugan. Isasaalang-alang ng Lupon ng mga Direktor ang pagpapahintulot sa Tagapagpaganap na Opisyal/APCO na ilipat ang $3,000,000 mula sa Community Benefit Designated Reserves upang suportahan at pondohan ang Programang People's Air Grant at ipatupad ang mga kasunduan sa gawad para sa mga inirerekomendang proyekto. Ang item na ito ay ipepresenta ni Elinor Mattern, Senior Staff Specialist sa Environmental Justice Division.

23. Pondo para sa mga Benepisyo ng Lokal na Komunidad Bay REPAIR – Pagkakaloob ng Round 1 ng Mga Gawad

Isasaalang-alang ng Lupon ng mga Direktor ang paggawad ng $26,540,000 sa mga gawad ng Pondo para sa mga Benepisyo ng Lokal na Komunidad Bay REPAIR para sa Benicia at mga Nakapalibot na Komunidad at $38,752,145 sa mga gawad para sa Richmond at mga Nakapalibot na Komunidad. Isasaalang-alang ng Lupon ng mga Direktor ang pagbibigay ng pahintulot sa Tagapagpaganap na Opisyal/APCO na magsagawa ng mga kasunduan sa pagbibigay ng tulong pinansyal para sa mga inirerekomendang proyekto. Inirekomenda ng Komite sa Pagiging Patas, Kalusugan, at Katarungan ng Komunidad ang pag-apruba sa item na ito sa pagpupulong nito noong Setyembre 9, 2026. Ang item na ito ay ipepresenta nina Emi Wang, Opisyal, at Letitia Carpenter at Lisa Hu, mga Senior Staff Specialist, sa Tanggapan ng mga Pamumuhunan sa Komunidad.

(MGA) ITEM NG TALAKAYAN

Ang mga item ng talakayan ay mga item kung saan walang pormal na aksyon mula sa Lupon ng mga Direktor ang hinihiling o inirerekomenda. Ang mga item na ito ay pangunahing nilayon upang magbigay ng impormasyon at pagkakataon para sa Lupon na talakayin ang usapin. Gayunpaman, maaaring magsagawa ang Lupon ng anumang aksyon sa loob ng saklaw ng item na nasa agenda.

24. Pangkalahatang-ideya ng Pag-develop ng Pangangasiwa: Potensyal na Tuntunin sa Warehouse

Tatalakayin ng Lupon ng mga Direktor ang isang pangkalahatang-ideya ng pag-unlad ng regulasyon na sumasaklaw sa Papel ng Konsepto ng Tuntunin sa Warehouse at mga kaugnay na presentasyon ng Komite sa Nakapirming Pinagkukunan hanggang sa kasalukuyan. Tatalakayin din ng Lupon ang isang potensyal na Tuntunin sa Warehouse. Ang impormasyong isasaalang-alang ay magsasama ng background sa mga hindi direktang pinagkukunan, impetus para sa paggawa ng tuntunin kabilang ang mga nakaraang pangako mula sa Lupon, kung paano tinutugunan ang mga emisyong ito sa ibang mga distrito ng hangin, at mga konsepto ng regulasyon na may kaugnayan sa pagtugon sa polusyon sa hangin ng warehouse at ang mga epekto nito. Ang item na ito ay ipipresenta ni Christopher Easter, Nakatataas na Espesyalista sa Kalidad ng Hangin sa Regulatory Development Division.

IBA PANG NEGOSYO

25. Mga Komento ng Miyembro ng Lupon

Ang sinumang miyembro ng Lupon, o mga kawani nito, sa sariling inisyatiba o bilang tugon sa mga tanong ng publiko, ay maaaring: magtanong para sa paglilinaw, gumawa ng maikling anunsyo o ulat sa kanilang mga sariling aktibidad, magbigay ng reference sa kawani tungkol sa makatotohanang impormasyon, hilingin sa kawani na iulat pabalik sa isang kasunod na pagpupulong tungkol sa anumang bagay o gumawa ng aksyon para sabihin sa kawani na maglagay ng partikular na paksa sa agenda sa hinaharap. (Kodigo ng Gobyerno § 54954.2)

26. Ulat ng Tagapagpaganap na Opisyal/APCO

27. Ulat ng Tagapangulo

28. Oras at Lugar ng Susunod na Pagpupulong

Miyerkules, Nobyembre 4, 2026, sa 9:00 a.m. Ang pagpupulong ay gaganapin nang personal sa Bay Area Metro Center. Ang mga miyembro ng Lupon ng Mga Direktor ay dapat dumalo nang personal sa Bay Area Metro Center; Ang mga miyembro ng publiko ay maaaring dumalo nang personal o sa virtual na paraan sa pamamagitan ng webcast.

29. Pagpapaliban

Ang pulong ng Lupon ay dapat ipagpaliban ng Tagapangulo ng Lupon.

MAKIPAG-UGNAYAN SA:
TAGAPAMAHALA, MGA OPERASYON SA PAGPAPAGANAP
375 BEALE STREET, SAN FRANCISCO, CA 94105
vjohnson@baaqmd.gov

(415) 749-4941
FAX: (415) 928-8560
Homepage ng Distrito ng Hangin:
www.baaqmd.gov

- Ang anumang sulatin na may kaugnay sa isang item sa bukas na session sa Agenda na ito ay ipinamamahagi sa lahat, o sa karamihan ng lahat, ng miyembro ng lupon nang wala pang 72 oras bago ang pagpupulong ay dapat gawing available sa mga opisina ng Distrito ng Hangin sa 375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105, sa oras na ang nasabing sulatin ay gawing available sa lahat, o sa karamihan ng lahat, ng mga miyembro ng lupon na iyon.

Patakaran sa Accessibility at Walang Diskriminasyon

Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area (Distrito ng Hangin) ay hindi nandidiskrimina batay sa lahi, bansang pinagmulan, kinikilalang grupo ng etniko, ninuno, relihiyon, edad, kasarian, sekswal na oryentasyon, kinikilalang kasarian, ipinapahayag na kasarian, kulay, impormasyon ng henetiko, medikal na kondisyon, o kapansanan sa pag-iisip o pangangatawan, o iba pang katangian o paniniwalang pinoprotektahan ng batas.

Patakaran ng Distrito ng Hangin na magbigay ng makatarungan at patas na access sa mga benepisyo ng programa o aktibidad na pinangasiwaan ng Distrito ng Hangin. Hindi papayagan ng Distrito ng Hangin ang pandidiskrimina laban sa sinumang taong naghahangad na lumahok, o makatanggap ng mga benepisyo ng, anumang programa o aktibidad na ibinibigay o isinasagawa ng Distrito ng Hangin. Ang mga miyembro ng publiko na naniniwalang pinagkaitan sila ng ganap at patas na access sa isang programa o aktibidad ng Distrito ng Hangin, nang labag sa batas, ay puwedeng maghain ng reklamo ng diskriminasyon sa ilalim ng patakarang ito. Naangkop din ang patakarang ito sa iba pang tao o entidad na nauugnay sa Distrito ng Hangin, pati sa mga kontratista o grantee na ginagamit ng Distrito ng Hangin para maghatid ng mga benepisyo at serbisyo sa mga miyembro ng publiko.

Ang Distrito ng Hangin ay magbibigay ng mga pantulong na aid at serbisyo na kinabibilangan ng, halimbawa, mga kwalipikadong tagasalin ng wika at/o mga device sa pakikinig, para sa mga indibidwal na bingi o hindi nakakarinig, at sa iba pang indibidwal kung kinakailangan upang matiyak na epektibong komunikasyon o patas na pagkakataon na makibahagi sa mga benepisyo, aktibidad, programa, at serbisyo sa napapanahong paraan at sa paraan para protektahan ang privacy at pagiging malaya ng indibidwal.

Mangyaring kontakin ang Coordinator ng Walang Diskriminasyon na tinukoy sa ibaba nang hindi bababa sa tatlong araw nang bago ang pagpupulong para magawa ang mga kinakailangan nang naaayon.

Kung sa palagay mo ay may nangyaring diskriminasyon kaugnay ng isang programa o aktibidad ng Distrito ng Hangin, puwede mong kontakin ang Coordinator ng Walang Diskriminasyon na nasa ibaba o bisitahin ang aming website sa www.baaqmd.gov/accessibility para malaman kung paano at saan makakapaghain ng reklamo ng diskriminasyon.

Ang mga katanungan tungkol sa Patakarang ito ay dapat ipadala sa Coordinator Laban sa Diskriminasyon ng Distrito ng Hangin na si Kimberly Leefatt, Opisyal ng Mga Karapatang Sibil sa 415-749-4610 o sa pamamagitan ng email sa non-discriminationcoordinator@baaqmd.gov.